8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin

8

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 4: Linggo 8**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Arlene Joy T. Jacob

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, IKAAPAT NA KUWARTER, IKAWALONG LINGGO, ANTAS 8**


| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga adhikain at kontribusyon upang matugunan ang mga isyung kinakaharap ng daigdig. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng pananaliksik na nakapagtataya sa mga napapanahong isyu at usapin sa sariling komunidad na nagpapakita ng pagtugon bilang mapanagutang mamamayan ng bansa at daigdig. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Napahahalagahan ang pagiging mapanagutang mamamayan ng daigdig.<br>1. *Naipapaliwanag ang konsepto ng "global citizenship at cultural globalization."*<br>2. *Natutukoy ang dahilan ng pagkakaroon ng "global citizenship at cultural globalization."*<br>3. *Nakagagawa ng pananaliksik tungkol sa mga piling rehiyon ng bansa na magpapakita ng kanilang natatanging kultura.* |
| **C. Nilalaman** | 1. Katuturan ng Global Citizenship<br>2. Mga Isyu at Hamon bilang Global Citizen |
| **D. Integrasyon** | Karapatan, Pananagutan, at Pagkamamamayan (Rights, Responsibility, and Citizenship)<br>(Ugnayang Panrehiyon at Pandaigdig)<br>(Kultura, Pagkakakilanlan, at Pagkabansa) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| *Five Pillars of Global Citizenship \| Volunteer Abroad with United Planet \| (your journey here)*. (2024, May 2). Volunteer Abroad With United Planet \| (Your Journey Here). https://www.unitedplanet.org/five-pillars-of-global-citizenship<br><br>Global Citizenship. (2016). In N. Dower & J. Williams (Eds.), *Routledge eBooks*. https://doi.org/10.4324/9781315023595<br><br>McCarthy, J. (2022, July 6). *What exactly does it mean to be a "Global Citizen"?* Global Citizen. https://www.globalcitizen.org/en/content/what-is-a-global-citizen/<br>Watson, J. L. (2002, May 17). *Cultural globalization \| Pros, Cons, Examples, Impact, & Factors*. Encyclopedia Britannica. |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1.Maikling Balik-aral**<br><br>**TAGLINE:** Alamin ang mga kompanya na inilalarawan ng bawat *tagline*. Isulat ito sa patlang.<br><br>1. "Just Do It." ______________________________<br>2. "Love Ko 'to."______________________________<br>3. "Where Conversations come to life." ______________________________<br>4. "The Place to express yourself." __________________________________<br>5. "The World on time."_____________________________________________ | MGA SAGOT<br><br>1.Nike<br><br>2.McDonald's<br><br>3. Twitter<br><br>4.Instagram<br><br>5.FedEx |

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>Unang Linggo<br>1.Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>VIDEO: Panoorin ang video tungkol sa mga paksa.<br><br>Intro to Global Citizenship (youtube.com)<br>Cultural Globalization (youtube.com)<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1.Paano nagsimula ang global citizenship at cultural globalization?<br>2.Nakatulong ba ang mga ito sa estado o kalagayan ng bansa sa kasalukuyan?<br><br>1. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>BALOON POP: Putukin ang mga lobo at kuhain at basahin ang mga salita na nasa papel. Piliin sa pisara ang pahayag na naglalarawan sa salitang nakuha mula sa lobo.<br><br>Ganap na pagiging mamamayan ng isang partikular na bansa.<br><br>Ito ay tumutukoy sa isang pangyayari, katotohanan, natatangi o hindi pangkaraniwan na nangyayari sa mundo o sa isang partikular na larangan<br><br>Ito tumutukoy sa pagkakaiba-iba ng mga bagay, tao, grupo, o elemento sa isang partikular na sistema, komunidad, o lipunan.<br><br>Ito ay tumutukoy sa kabuuan ng mga kasanayan, tradisyon, paniniwala, kaugalian, sining, musika, literatura, wika, at iba pang mga anyo ng pagsasalin-salin ng kaalaman at karanasan na nagpapakilos sa isang grupo ng mga tao.</td>
<td>Mga Sagot<br><br>1.Cosmopolitan- Tumutukoy sa isang tao na may malawak na karanasan sa iba’t ibang bahagi ng mundo.<br><br>2.Citizenship- Ganap na pagiging mamamayan ng isang partikular na bansa.<br><br>3.Phenomenon - Ito ay tumutukoy sa isang pangyayari, katotohanan, natatangi o hindi pangkaraniwan na nangyayari sa mundo o sa isang partikular na larangan<br><br>4.Diversity- Ito tumutukoy sa pagkakaiba-iba ng mga bagay, tao, grupo, o elemento sa isang partikular na sistema, komunidad, o lipunan.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | | 5. Kultura - ay tumutukoy sa kabuuan ng mga kasanayan, tradisyon, paniniwala, kaugalian, sining, musika, literatura, wika, at iba pang mga anyo ng pagsasalin-salin ng kaalaman at karanasan na nagpapakilos sa isang grupo ng mga tao. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa: *Global citizenship at Cultural citizenship***<br><br>Ang ideya ng *global citizenship o world citizenship* ay isang ideya na ang mga tao ay mga mamamayan ng mundo. Ang isang *global citizen* ay isang miyembro ng mas malawak na komunidad ng buong sangkatauhan, ang mundo o isang katulad na kabuuan na mas malawak kaysa sa isang bansa o iba pang pulitikal na komunidad na kung saan karaniwang iniisip na tayo ay mga mamamayan. Ang pagiging miyembro na ito ay mahalaga sa paraang pagkakakilanlan, pagkakatapat o pangako sa labas ng bansa. (Dower & Williams, n.d.)<br><br>Ang *Global Citizens* ay naniniwala na tayong lahat ay konektado — isang katotohanang maliwanag na ipinapakita ng patuloy na pandemya ng COVID-19, na nagbabanta sa ating lahat hanggang sa hindi na ito banta sa sinuman at nasa ating lahat ang tungkulin na tumawag para sa isang makatarunganang paglipat mula sa kasalukuyang kalagayan ng paglaganap ng kahirapan at pagkasira ng kalikasan, patungo sa isang hinaharap ng magkasamang kasaganaan at pagsasaayos ng kalikasan. | Ang teksto ay nakuha sa mga aklat at journal na nasa sanggunian, maaaring kumuha ng iba pa. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Dahilan ng Pagkakaroon ng Global Citizenship<br><br><br><br>Mga Dahilan ng Pagkakaroon ng Global Citizenship<br>1.Globalisasyon<br>2.Hamon ng Kapaligiran<br>3.Pangangailangan sa Kolaborasyon<br>4.Edukasyon at Kamalayan<br>5.Mga Pandaigdigang Kasunduan<br><br>Mga Aspeto Global Citizenship<br>1.Pag-unawa sa pagkakaugnay-ugnay o kolaborasyon</td>
<td>Maaaring maipakita ang mga dahilan at aspeto ng Globalisasyon sa pamamagitan ng halimbawang mga larawan.</td>
</tr>
</table>

2.Pakikilahok at pagtutulungan

3.Paggalang sa dignidad

4.Pandaigdigang responsibilidad

5.Kampanya sa edukasyon





**IKALAWANG ARAW**

***CULTURAL GLOBALIZATION***

Ang *cultural globalization* ay isang phenomenon kung saan ang karanasan ng pang-araw-araw na buhay ay naaapektuhan ng pagkalat ng kalakal at mga ideya.

Ito ay nagpapakita ng parehong pamantayang kultural na ekspresyon sa buong mundo. (Watson, 2002)

MGA DAHILAN NG *CULTURAL GLOBALIZATION*




Maaaring gamitin ang larawan na nasa kaliwa upang maipakita ang mga dahilan ng pagkakaroon ng *cultural globalization.*

| | | |
|---|---|---|
| | MGA ASPETO NG *CULTURAL GLOBALIZATION*<br><br><br>Interkultural na palitan<br><br>Midya at Teknolohiya<br>https://www.flickr.com/photos/111692634@N04/16389739412 | |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>Pagbabago sa Wika<br>Migrasayon<br><br> | Sa Puntong ito, dapat nabigyan ng takda ang mga mag-aaral tungkol sa salin sa wika ng ibang bansa sa salitang “HELLO.”<br><br>1.Asalaam alaikum – Saudi /bansa sa Gitnang Silangan<br>2.Anyoung haseyo-Korea<br>3.Ni hao – Tsina<br>4. Konnichiwa-Japan<br>5.Guten tag- Germany<br>6.Bonjour- France<br>7. Ciao- Italy<br>8.Namaste – India<br>9. Hola -Spain<br>10.Kumusta-Pilipinas |



Pandaigdigang Kamalayan

**Mga Dahilan ng Pagkakaroon ng *Cultural Globalization***

1.Pagsulong ng teknolohiya

2.Popular na Kultura

3.Paglalakbay at Migrasyon

4. Globalisasyong Pang ekonomiya

**Mga Aspeto ng *Cultural Globalization***

1.Interkultural na palitan

| | | |
|---|---|---|
| | 2.Midya at teknolohiya<br>3.Pagbabago sa wika<br>4.Migrasyon<br>5.Pandaigdigang kamalayan<br><br>1. **Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**FREEDOM WALL:** Sumulat ng mga pangungusap, parirala batay sa asignaturang napag-aralan sa *post it*. Pipili ang guro at babasahin ito sa klase at maaaring ipaliwanag ito ng mag-aaral na sumulat.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>2. **Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**CLASS EXHIBIT:** Hahatiin ng guro ang klase sa pitong pangkat. Bubunot sila ng rehiyona sa Pilipinas, sa kanilang nabunot ipapakita ang kultura ng rehiyong ito. Maaring ipakita sa exhibit ang pagkain, wika, pananamit, sining atbp.<br><br>3. **Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**HELLO WORLD!** Hahatiin ang klase sa anim na pangkat, pipili sila ng bansa sa kontinente at gagawa ng isang video tungkol sa natatanging kultura ng bansang kanilang napili at bibigyang pansin kung ang kultura ng bansang iyon ay nakaabot sa Pilipinas. | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>1. **Pabaong Pagkatuto**<br>**I-TWEET MO:** Gumawa ng *post* tungkol sa paaano maipapakita ang pagiging handa ng mga Pilipino sa pakikipagsabayan sa ibang bansa sa iba't ibang larangan. | Hindi kinakailangang maipost ng bata ang kaniyang gawa sa socmed. Maaaring magbigay ng template ang guro at doon nila |

| | | |
|---|---|---|
| |  | isusulat. Ito ay ipoproseso sa loob ng klase. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**FILIPINO SPIRIT:** Gumawa ng isang talumpati kung paano natin mapapanatili ang ating lokal na kultura sa makabagong panahon? Magbigay ng mga konkretong halimbawa at isulat ito sa *business pad.* | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit:** Isulat ang salitang TAMA sa patlang kung tama ang isinasaad ng bawat pahayag at isulat ang MALI kung mali ang isinasaad ng bawat pahayag.<br><br>__________1.Ang ideya ng *world citizenship* ay ang lahat ng mga tao sa mundo ay mamamayan ng daigdig.<br>__________2. Ang isang *global citizen* ay isang miyembro ng kaniyang sariling bansa.<br>__________3. Ang lahat ng mga tao sa mundo ay konektado sa isa't isa.<br><br>__________4. Ang pagkakaroon ng Hamon sa ating Kapaligiran ay isang dahilan kung bakit nagkaroon ng *global citizenship.*<br>__________5.Ang *cultural globalization* ay isang *phenomenon.*<br>__________6. Ang pagkahumaling ng mga Pilipino sa K-drama ay isang halimbawa ng popular na kultura.<br>__________7. Ang mabilis na komunikasyon ay balakid sa globalisasyon.<br>__________8. Ang paggawa ng *vlogs* ng mga *social media influencer* ay isang paraan upang ipakita ang ating kultura.<br>__________9. Ang pagtungo ng mga Pilipino sa ibang bansa at pagpapalit ng nasyonalidad ay nakatutulong upang mapanatili ang kulturang Pilipino.<br>__________10.Mahalaga ang pagbisita sa mga lokal at pambansang museo upang lubos nating makilala ang kulturang ating pinagmulan. | Mga Sagot<br>1.Tama<br>2.Tama<br>3.Tama<br>4.Tama<br>5.Tama<br>6.Tama<br>7. Mali<br>8.Tama<br>9.Mali<br>10.Tama |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">

**Sanaysay:** Bilang isang kabataan, paano ka makakatulong para magkaroon ang mga kasama mo sa pamayanan ng kamalayan tungkol sa paksang *global citizenship*. Magbigay ng mga hakbang na iyong gagawin. (10 puntos)

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

Maghanda para sa Mahabang Pagsusulit. Pag-aralan ang mga sumusunod

1. *Climate change*
2. Globalisasyon
3. *Global Financial Crisis*
4. *Global Citizenship*
5. *Cultural globalization*

*Sanggunian:*

Singh, M. (2023, December 18). *The 2007–2008 Financial Crisis in review.* Investopedia. https://www.investopedia.com/articles/economics/09/financial-crisis-review.asp

</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="3">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="3">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | *kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.*<br><br>*Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.* |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |